# Pag-text kay Orsa mula sa phone mo

I-text ang HQ number mo mula sa sarili mong phone para magtanong kay Orsa o magbago ng isang bagay, nang hindi binubuksan ang HQ.

## Mga hakbang

1. Pindutin ang initials mo sa kanang itaas at buksan ang Iyong profile. Sa Tawagan ako para sa mga tumatawag, ilagay ang numero mo, i-tick ang Hayaan akong i-text si Orsa mula sa phone na ito, at pindutin ang I-save.
2. I-text ang HQ number mo mula sa phone na iyon, gaya ng pagtatanong mo kay Orsa sa HQ: "Ano ang susunod kong trabaho?" o "Ilipat ang trabaho ni Lopez sa 3."
3. Kapag may babaguhin si Orsa, sasabihin nito kung ano. Sumagot ng OO para gawin ito, o HINDI para huwag na. Sumagot ng UNDO para ibalik ang huling pagbabago.

## Mabuting malaman

Sumasagot lang si Orsa sa mga text mula sa numerong naka-save doon, at tungkol lang sa mga pinapayagan kang makita at gawin.

Ang refund, pag-void ng invoice o pagbura ng customer ay hihingan ka ng OO nang dalawang beses.